

## GABAY SA PAGKUMPLETO NG FORM NG PAGHAHABOL PARA SA MGA BENEPISYO NG MAY BAYAD NA PAGLIBAN PARA SA PAMILYA (PFL)

Ang State Disability Insurance (SDI) ay nag-aalok ng mga opsyon online na ligtas at madali para sa paghahain ng mga paghahabol sa PFL. Para sa mas mabilis na pagpoproseso, magsumite ng form ng paghahabol at dokumentasyon sa SDI Online sa [www.edd.ca.gov/disability](http://www.edd.ca.gov/disability).

Upang maiwasan ang mga pagkaantala kapag naghahain ng paghahabol gamit ang aplikasyon sa papel, Mangyaring sundin ang mga pangkalahatang alituntunin sa ibaba. Maglaan ng sapat na panahon sa pagpoproseso ng paghahabol (kadalasan ay dalawang buwan). Para sa kumpletong impormasyon, basahin ang tagubilin na kulay dilaw at sheet ng impormasyon na ibinigay kasama ng *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits*, DE 2501F, (Paghahabol para sa Mga Benepisyong May Bayad na Leave para sa Pamilya (PFL)), makipag-ugnayan sa tanggapan ng PFL sa 1-877-238-4373, o bisitahin ang website ng EDD upang magpadala ng mensahe online gamit ang Ask EDD sa <https://askedd.edd.ca.gov>.

<b>Uri ng Paghahabol</b>	<b>Nagbibigay ng benepisyong PFL sa mga kwalipikadong nagtatrabaho na kailangang lumiban sa trabahong pangkalahatang ang isang miyembro ng pamilya na may malubhang sakit o makasama ang isang kapapanganak na sanggol. Huwag ihain sa parehong form ng paghahabol o sa parehong haba ng panahon ang pagliban para makasama ang pamilya at pagliban para maalagaan ang pamilya.</b>
<b>Pag-aalaga sa isang Kapapanganak na Sanggol Pagkatapos ng Paghahabol sa Disability Insurance (DI) na Nauugnay sa Pagbubuntis</b>	<p><b>Para sa mga kakatapos pa lang manganak na nakatanggap ng mga benepisyong DI na nauugnay sa pagbubuntis bago maghain ng mga benepisyong PFL.</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang <i>Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits – New Mother</i>, DE 2501FP, (Paghahabol para sa Mga Benepisyong May Bayad na Leave para sa Pamilya (PFL) – Bagong Ina), ay awtomatikong ipapadala sa iyo sa isang hiwalay na sobre sa katapusan ng iyong paghahabol ng DI pagkatapos maibigay ang huli mong bayad.</li> <li>• Kapag gumaling ka na pagkatapos manganak, isumite ang iyong <i>Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits – New Mother</i>, DE 2501FP, (Paghahabol para sa Mga Benepisyong May Bayad na Leave para sa Pamilya (PFL) – Bagong Ina).</li> <li>• Sagutan ang lahat ng seksyon ng <i>Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits – New Mother</i>, DE 2501FP, (Paghahabol para sa Mga Benepisyong May Bayad na Leave para sa Pamilya (PFL) – Bagong Ina), at ipadala ito nang hindi lalampas sa 41 araw mula sa petsa kung kailan mo gustong simulan ang iyong paghahabol para makasama ang pamilya o maaari mo itong isumite gamit ang SDI Online.</li> <li>• Kung hindi mo matanggap ang form na ito, tawagan ang DI sa 1-800-480-3287 o PFL sa 1-877-238-4373, o bisitahin ang website ng EDD upang magpadal ng mensahe online gamit ang Ask EDD sa <a href="https://askedd.edd.ca.gov">https://askedd.edd.ca.gov</a>.</li> </ul>
<b>Pag-aalaga sa isang Kapapanganak na Sanggol</b>	<p><b>Para sa mga kakatapos pa lang manganak na walang paunang paghahabol sa kapansanang nauugnay sa pagbubuntis, tatay na may kapapanganak na sanggol, nakarehistrong kinakasama, o nangangalaga o nag-ampong magulang.</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Sagutan at pirmahan ang Bahagi A sa pahina 1 at Bahagi B sa pahina 3 ng <i>Paghahabol para sa Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits</i>, DE 2501F, (Paghahabol para sa Mga Benepisyong May Bayad na Leave para sa Pamilya (PFL)), at ipadala nang hindi lalampas sa 49 na araw mula sa petsa kung kailan mo gustong simulan ang iyong paghahabol para makasama ang pamilya.</li> <li>• Ilakip ang nakadokumentong katibayan ng iyong kaugnayan sa sanggol na gusto mong makasama. <ul style="list-style-type: none"> <li>• Malinaw <b>dapat</b> na ipinapakita ng pagpapatunay ng kapanganakan ang pangalan ng sanggol, petsa ng kapanganakan, kasarian at pangalan ng magulang na naghahabol ng mga benepisyong PFL.</li> <li>• <b>Dapat</b> ay ilakip ang bagong dokumentasyon ng paglalagay sa pangangalaga o pag-ampon, na nagpapatunay ng petsa kung kailan inilagay ang bata sa iyong pangangalaga.</li> </ul> </li> <li>• Ang mga benepisyong pagliban para makasama ang pamilya ay maaaring bayaran sa loob ng isang taon ng kapanganakan o paglalagay sa pangangalaga o pag-ampon.</li> </ul>
<b>Pangangalaga</b>	<p><b>Upang magbigay ng pangangalaga para sa isang anak, magulang, byenan, lolo o lola, apo, kapatid, asawa, o nakarehistrong kinakasama na may malubhang sakit.</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• <i>Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits</i>, DE 2501F, (Paghahabol para sa Mga Benepisyong May Bayad na Leave para sa Pamilya (PFL)): <ul style="list-style-type: none"> <li>○ Sagutan at pirmahan ang Bahagi A sa pahina 1.</li> <li>○ <b>Dapat</b> sagutan at pirmahan ng tatanggap ng pangangalaga ang pahina 2 at Bahagi C sa pahina 3.</li> <li>○ <b>Dapat</b> sagutan at pirmahan ng doktor/practitioner ng tatanggap ng pangangalaga ang Bahagi D sa pahina 4.</li> </ul> </li> <li>• Kung hindi masasagutan at mapipirmahan ng tatanggap ng pangangalaga ang pahina 2 at Bahagi C sa pahina 3 dahil sa kanilang kapansanan, o kung ikaw ay isang hindi pinapahintulatang kinatawan na naghahain ng mga benepisyong PFL sa ngalan ng naghahabol na may sakit o pumanaw na, tumawag sa 1-877-238-4373 o bisitahin ang website ng EDD upang magpadala ng mensahe online gamit ang Ask EDD sa <a href="https://askedd.edd.ca.gov">https://askedd.edd.ca.gov</a> para sa mga tagubilin at kinakailangang form <b>bago</b> magsumite ng paghahabol.</li> </ul>

**Mga Partial na Benepisyo****Kung binawasan mo ang iyong iskedyul sa trabaho at nawalan ng sahod.**

- Pakimarkahan ang “oo” sa *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits*, DE 2501F, (Paghahabol para sa Mga Benepisyo ng May Bayad na Leave para sa Pamilya (PFL)), tanong A13 o sa *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits*, DE 2501FP, (Paghahabol para sa Mga Benepisyo ng May Bayad na Leave para sa Pamilya (PFL)), tanong 6 kung patuloy kang magtatrabaho sa panahon ng iyong pagliban para maalagaan ang pamilya.
- Maglakip ng hiwalay na sulat kung magtatrabaho ka nang part-time o pansamantalang liliban. Tiyaking isama ang iyong Social Security number, pangalan, address, numero ng telepono, regular na oras ng pagtatrabaho, rate ng bayad, at ang tagal ng panahon na pinaplano mong lumiban sa trabaho bawat linggo.

**Sahod mula sa iyong Employer****Kung patuloy na bayaran ng iyong employer ang iyong sahod sa panahon ng iyong paghahabol.**

- Kung babayaran ng iyong employer ang natira sa mga benepisyo ng PEL at buong bayad, isulat ang “INTERGRATE” sa *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits*, DE 2501F, (Paghahabol para sa Mga Benepisyo ng May Bayad na Leave para sa Pamilya (PFL)), tanong A21 o sa *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits*, DE 2501FP, (Paghahabol para sa Mga Benepisyo ng May Bayad na Leave para sa Pamilya (PFL)), tanong 6.

**Ang iyong mga responsibilidad****Isumite nang kumpleto, tumpak at maaga ang iyong paghahabol at anumang iba pang kinakailangang form.**

- Gumamit lang ng itim na tinta.
- Huwag paghiwalayin ang form na may tatlong pahina at isumite ang lahat ng bahagi ng form ng paghahabol nang sabay-sabay.
- Isumite ang form ng paghahabol kapag sinimulan mo ang pagliban para makasama ang pamilya o pagliban para maalagaan ang pamilya. Hindi mapoproseso ng EDD ang mga paghahabol na may mga petsa ng pagsisimula sa hinaharap.
- Kung nahuli sa pagsusumite ng form ng paghahabol, dapat kang magsama ng nakasulat na paliwanag ng (mga) dahilan ng pagkahuli upang maiwasan ang pagkaalis sa pagiging kwalipikado. Sumangguni sa uri ng paghahabol upang matukoy kung gaano katagal ka maghahain.
- Ipadala ang iyong form ng paghahabol sa sobrang may address. Kung wala kasamang sobrang may address ang paghahabol, ipadala ang iyong paghahabol at pakikipag-ugnayan sa: EDD-Paid Family Leave, PO Box 989315, West Sacramento, CA 95798-9315.

**Mga Toll-Free na Numero ng PFL**

<b>English</b>	<b>1-877-238-4373</b>
<b>Spanish</b>	<b>1-877-379-3819</b>
<b>Cantonese</b>	<b>1-866-692-5595</b>
<b>Vietnamese</b>	<b>1-866-692-5596</b>
<b>Armenian</b>	<b>1-866-627-1567</b>
<b>Punjabi</b>	<b>1-866-627-1568</b>
<b>Tagalog</b>	<b>1-866-627-1569</b>

Para sa karagdagang impormasyon, pakibisita ang website ng EDD sa [www.edd.ca.gov/disability](http://www.edd.ca.gov/disability).

Ang EDD ay isang employer/programa para sa patas na oportunidad. Available sa mga indibidwal na may mga kapansanan ang karagdagang tulong at mga serbisyo kapag hiniling. Kailangang gawin ang mga serbisyo, tulong, at/o kahaliling format sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (boses) o sa pamamagitan ng California Relay Service sa 711.

Ang mga alituntuning ito ay para lang sa pangkalahatang impormasyon at wala itong kapangyarihan at bisa tulad ng batas, panuntunan at regulasyon.